# Pangkalahatang Ideya

Maagang kinauugnay ng BC Housing at Siyudad ng Vancouver ang mga kapitbahay sa proseso ng kaunlaran para sa mungkahing nakasuportang pabahay sa 2518-2538 South Grandview Highway sa Copley Street.

Bilang bahagi ng maagang ugnayan, nag-anyaya ang BC Housing sa dalawang sesyon ng Talakayan ng Kapitbahayan noong Marso 1 at 2, 2022 nang may kabuuang 12 kasapi ng pamayanan na dumalo. Itinampok ng birtuwal na mga sesyon ang maikling mga pagtatanghal na sinundan ng paikot na talakayan kung saan maaaring magtanong ang mga kalahok at magbahagi ng opinyon opinyontungkol sa mungkahi.

Nagbibigay ng buod ang dokumentong ito ng dalawang sesyon ng Talakayan ng Kapitbahayan na naganap para sa mungkahing nakasuportang pabahay sa 2518-2538 South Grandview Highway sa Copley Street. Kasama rito ang opinyon na ibinahagi ng mga kasapi ng pamayanan sa pulong, nang may kaukulang mga tugon mula sa pangkat ng proyekto na kasama ang BC Housing, Siyudad ng Vancouver, at ang non-profit na gumagawa ng gusali na Community Builders.

# Buod ng Opinyon: Mga Sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan

1. **Nagpahayag ng kagustuhan ang mga kasapi ng pamayanan na malaman kung sino ang titira sa gusali at paano sila pipiliin, kasama ang:**
    - Ginamit na pamantayan sa pagpili ng mga residente at kung bibigyan ng prioridad ang mga taong nasa kapitbahayan na
        - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Maaaring walang tahanan o mawalan ng tahanan ang mga tao sa maraming dahilan. Tutukuyin ng Siyudad at nagpapatakbo ang mga tao sa lugar at tatasahin ang pangangailangan nila. Magpopokus kami sa pag-aalok ng bagong tahanan sa mga taong nasa lugar muna at hahanapin pagkaraan ang mga taong makikinabang sa mga serbisyo at suportang alok ng nagpapatakbo.
    - Ano ang karaniwang imahe ng paglilipat ng mga residente
        - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Nakikipagtulungan kami sa aming mga nangungupahan para maunawaan ang kanilang pangangailangan at layunin, kinikilala ang katotohanang nagbabago ang pangangailangan ng mga tao sa paglipas ng panahon. Sandaling mananatili sa gusali ang ilang tao pero lilipat sa malayang pamumuhay pagkaraan. Mangangailangan ng mga suporta ang ibang tao sa pangmatagalan.
    - Mga mungkahing mapapaloob sa kapitbahayan kung nakadisenyo para sa mga pamilya ang pabahay
        - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Tinitingnan namin ang mga pangangailangan ng pamayanan at sino ang nasa panganib na makaranas ng kawalan ng tahanan –- sa ngayon tinitingnan namin ang mga indibidwal, pero alam namin ang pangangailagan sa nakasuportang pabahay na pampamilya at pinag-iisipan ito sa ibang proyekto.

2. **Humingi ng paglilinaw ang mga kasapi ng pamayanan sa mga uri ng suportang makukuha ng mga nangungupahang nakatira sa gusali at paano patatakbuhin ang gusali, kasama ang:**

   - Kung nasa lugar ang mga kawani nang 24/7
     - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Oo, gusto namin ng maraming tauhang magbabantay sa harapang tanggapan at sa gusali. Magkakaroon ito ng sapat na kawani nang 24/7.
   - Ang uri ng kawaning makikita sa lugar nang 24/7 (halimbawa: nars, security, social worker)
     - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Magkakahalo ang kawani naming nagtratrabaho sa lugar na nagsisilbing Residenteng Manggagawang Pangsuporta. Mayroon din kaming mga tauhan para sa pagmantini, manager ng pag-aari, mga manggagawa ng serbisyo para sa suporta sa tahanan, mga manggagawa ng nutrisyon, manager at tagapag-ugnay ng lugar at kung kailangan, mayroon kaming mga tumutulong sa pangangalaga para sa batayang pangangalaga.
   - Kung magkakaroon ng suportang partikular para sa paggamit ng substance at kalusugan ng kaisipan para tulungan ang mga tao tungo sa pagpapahilom at pagpapagaling
     - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Ang BC Housing at Community Builders ay magbibigay ng kailangang serbisyo para matiyak ang suporta at kaligtasan para sa lahat ng residente. Nakikipagtulungan ang mga sinanay na manggagawa sa bawat residente upang makabuo ng pinasadyang plano para matugunan ang kanilang mga personal na layunin at layunin sa pabahay. Nakikipagsosyo rin kami sa Vancouver Coastal Health at kung kailangan ng dagdag na suporta ng mga tao, titiyakin namin na ikokonekta ang mga tao sa mga suportang iyon.

3. **Humingi ng paglilinaw ang mga kasapi ng pamayanan sa kung paano pinipili ang mga lugar para sa nakasuportang pabahay, kasama ang:**

   - Bakit pinili ang lugar na ito kung mayroon nang ibang gusali ng nakasuportang pabahay na malapit lang
     - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* May pangangailangan para sa nakasuportang pabahay sa mga kapitbahayan sa buong siyudad. Ang nakasuportang pabahay ay residensiyal ang gamit at ang lugar na ito ay residensiyal. Ang lugar na ito ay nababagay dahil sa mapupuntahang sasakyan, parke, atbp. kaya iminumungkahi ito.

4. **Nagbahagi ng opinyon ang mga kasapi ng pamayanan sa mga elemento ng taas at disenyo ng gusali, kasama ang:**

   - Pag-aalala na maaaring makapag-ambag ang gusali sa umiiral na mga usapin sa paradahan sa paligid ng 15th Avenue
     - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Batay sa mga katulad na gusaling pinapatakbo namin, ang mga espasyo ng paradahan sa mungkahi para sa gusaling ito ay sasaklaw sa mga pangangailangan sa paradahan sa pagpapatakbo ng lugar na ito. Sa karaniwan, walang sasakyan ang mga residente ng nakasuportang pabahay at hindi kailangan ng espasyong paradahan, kaya ang paradahan ay pangunahing para sa kawani at mga bisita.
   - Mas nababagay ang mayroong tatlong palapag at ang mungkahi na ang gusaling may anim na palapag ay mas mataas sa ibang gusali sa lugar
     - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Malalim ang pangangailangan para sa nakakayanang pabahay sa Vancouver. Sa partikular na lugar na ito at sa ilalim ng partikular na mga patakaran sa paupahang pabahay, ang gusaling ito ay kwalipikado para sa karagdagang taas sa pagsosona sa anim na palapag. Iminumungkahi namin ang taas na ito para mabigyan ng tahanan ang pinakamaraming taong maaari.

5. **Gustong maunawaan ng mga kasapi ng pamayanan lahat ng makukuhang oportunidad sa pagbigay ng opinyon at para malaman kung sino ang maaari nilang kontakin nang direkta, kasama ang:**

- Makukuhang mga oportunidad para makapagbigay ng opinyon ang pamayanan
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Maraming oportunidad para makapagbigay ng input sa mungkahi ang komunidad kasama ang pagdalo sa Talakayan sa Kapitbahayan, pagsumite ng komento habang nasa Panahon ng Pagkomento ng Publiko sa website ng Pag-usapan Natin ang Pabahay, pagsumite ng komento anumang oras sa website ng Pag-usapan Natin ang Pabahay, pagtawag o pag-email sa Tagapag-ugnay ng Komunidad anumang oras. Nagpapaabot kami sa pamayanan nang maaga sa proseso ng pagpapaunlad. Ang opinyon na nakolekta sa maagang pagsangkot na ito ay magbibigay ng kaalaman sa pagpapaunlad ng aplikasyon sa muling pagsosona na isusumite sa Siyudad ng Vancouver na rerebyuhin ng Konseho ng Siyudad. Kapag isinumite ang aplikasyon sa muling pagsosona, magdadaos ng karagdagang proseso sa pagsangkot ng publiko na pamumunuan ng Siyudad kasama ang bukas na bahay at pagkaraan pampublikong pagdinig.
- Pagkakaroon ng makukuhang kontak na tao para magpadala ng opinyon nang direkta
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9:00am at 4:00pm.
- Pag-aalala para sa mga kapitbahay na walang computer at hindi makagamit ng Zoom
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Mayroong Opisyal na Tagapag-ugnay ng Komunidad na maaari mong kontakin sa pamamagitan ng telepono o email. Napakaagang bahagi ito ng proseso ng paunang aplikasyon at nagbibigay kami ng maraming paraan para matiyak na madinig ang mga interes at prioridad ng bawat isa.
- Pag-aalalang ang mga kapitbahay na hindi nagsasalita ng Ingles ay hindi makapagbibigay ng opinyon
  - *Sumagot ang pangkat ng proyekto:* Mahalagang gawing nakukuha at napupuntahan ang impormasyong ito sa pinakamaraming taong maaari. Makukuha ang nakasaling materyales sa Tradisyonal na Chino, Tagalog at Biyetnames sa www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-grandview.
- Isang kontak sa lugar sa sandaling buksan ang gusali.
  - *Sumagot ang nagpapatakbo ng gusali:* Marami kaming kawani sa lugar nang 24/7 na puwedeng maabot sa pamamagitan ng dedikadong linya ng telepono. Mayroon din kaming kawani sa pangangasiwa ng tawag mula sa mobile para sa dagdag na kailangan. Magpapahintulot ang mga ito sa bukas, malinaw na talakayan sa ating mga kapitbahay.

# Mga Oportunidad para sa Opinyon ng Komunidad

Bilang dagdag sa mga sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan, puwede ring magbigay ng opinyon sa mungkahing nakasuportang pabahay ang mga kasapi ng pamayanan sa 2518-2538 South Grandview Highway sa pamamagitan ng mga daluyan sa ibaba. Nagpapaabot ang BC Housing at Siyudad ng Vancouver sa pamayanan nang maaga sa proseso ng pagpapaunlad. Ang opinyon na nakolekta sa maagang pagsangkot na ito ay magbibigay ng kaalaman sa pagpapaunlad ng aplikasyon sa muling pagsosona na isusumite sa Siyudad ng Vancouver na rerebyuhin ng Konseho ng Siyudad. Kapag naisumite ang isang aplikasyon sa muling pagsona, magdadaos ng dagdag na proseso ng pagsangkot ng publiko na pamumunuang ng Siyudad kasama ang bukas na bahay at pampublikong pagdinig.

## Panahon para sa Pagkomento ng Publiko

Kasalukuyang bukas ang Panahon ng Pagkomento ng Publiko sa webpage ng BC na Pag-usapan Natin ang Pabahay. Mula sa Pebrero 21, 2022 hanggang Marso 18, 2022 puwedeng magsumite ang mga kasapi ng pamayanan ng opinyon tungkol sa mungkahing nakasuportang pabahay nang direkta sa pangkat ng proyekto. Bilang bahagi ng Panahon ng Pampublikong Komento, makukuha para rebyuhin ang isang presentasyong ginagabayan ng sarili na may impormasyong tungkol sa mungkahi sa pagpapaunlad.

## Webpage ng Pag-usapan Natin ang Pabahay

Tumatanggap ang BC Housing ng opinyon anumang oras sa pamamagitan ng form ng online na komento na makukuha sa webpage ng Pag-usapan Natin ang Pabahay na www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-grandview.

## Email at Telepono ng Tagapag-ugnay ng Komunidad ng BC Housing

Makokontak ang isang Tagapag-ugnay ng Komunidad nang Lunes hanggang Biyernes mula 9:00am hanggang 4:00pm, para kontakin ng mga kasapi ng pamayanan sa pamamagitan ng telepono o email. Maaaring magsumite ng mga komento at tanong tungkol sa proyekto ang mga kasapi ng pamayanan at makatanggap ng mga sagot mula sa BC Housing sa www.letstalkhousingbc.ca/vancouver-grandview. Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321.

# Susunod na mga Hakbang

| Marso 2022 | Tagsibol 2022 | Tagsibol 2022 | Taglamig 2022/2023 | Taglamig 2022/2023 |
|---|---|---|---|---|
| INPUT NG PUBLIKO SA MUNGKAHI | APLIKASYON PARA SA MULING PAGSONA NA ISINUMITE SA LUNGSOD NG VANCOUVER | BIRTWAL NA BUKAS NA BAHAY NG LUNGSOD NG VANCOUVER | PAMPUBLIKONG PAGDINIG | PASYA NG KONSEHO NG LUNGSOD NG VANCOUVER SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA |

***INPUT NG PUBLIKO SA MUNGKAHI***

***INPUT NG PUBLIKO SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA***

***INPUT NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG WEBSITE NA 'PAG-USAPAN NATIN ANG PABAHAY' AT TELEPONO AT EMAIL NG TAGAPAG-UGNAY NG KOMUNIDAD***

*Ang mga petsa sa timeline ay tinataya at maaaring magbago.*

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang letstalkhousingbc.ca/vancouver-grandview**

Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9:00am at 4:00pm.